P20.00 | Tomo 5 Bilang 4 | ISSN No. 2599-5405 | Hulyo-Agosto 2018

# SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI



## Manguna sa daang 'di dinadayo

ni *Raffy Antes*

Kalakip ng dedikasyon sa pagbuo ng *financially inclusive* na bansa, sinuong ng CARD MRI ang mga karagatan ng katimugang bahagi ng Filipinas upang itatag ang *microfinance NGO operation* nito.

Nagsimulang mag-operate ang CARD, Inc. sa Bongao, Tawi-Tawi. Nagbibigay ito ng iba't ibang *financial services* at *community-based development programs* sa mga lokal na komunidad. Noong 2014, nakita ng CARD MRI ang potensyal na pagpapalawak sa operasyon nito sa mga karatig na lugar sa kabila ng maraming pagkilala na ang nasabing

▶ 4

# CARD MBA, naglabas ng P28M disaster aid

ni *Neliza Largueza*

**Naglabas ng kabuuang P28-milyong halaga ng disaster aid ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) bilang tulong para sa 95,334 na pamilyang apektado ng Bagyong Josie sa Pangasinan, Tarlac, Bataan, Zambales, Cavite, Batangas, Occidental Mindoro, at Nueva Ecija.**

Ang mga pamilyang matutulungan ay mga kapwa kliyente ng mga *microfinance institutions* sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI). Kasabay ng tulong pinansiyal ay makatatanggap din sila ng iba pang benepisyo tulad ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) sa ilalim ng CARD MBA. Ang programang ito ay ipinakilala noong 2006 bilang bahagi ng istratehiya ng CARD MRI sa pagsupil ng kahirapan sa bansa.

"Ang ating mga tauhan sa CARD MBA at CARD MRI ay patuloy na nagtutulungan upang alamin ang estado at lagay ng ating mga kliyente. Bilang pagsisimula ay nakakalap tayo ng higit sa 95,000 mga apektadong miyembro," ayon kay May S. Dawat, *chief executive officer* ng CARD MBA.

Ang CARD MBA ay ang *microinsurance arm* na nagsisilbing kaagapay ng CARD MRI. Ang asosasyong ito ay pagmamay-ari at pinamamahalaan ng mga kliyente sa ilalim ng

▶ 2

## CARD Bank, ginawaran bilang Outstanding Financial Inclusion Champion 2018

ni *Neliza Largueza*

Muling kinilala ng Bangko Sentral ng Filipinas (BSP) ang CARD Bank, Inc., bilang Outstanding Financial Inclusion Champion sa nagdaang 2018 Awards Ceremony at Appreciation Lunch para sa *stakeholders* ng BSP noong Hulyo 10, 2018.

Ang nasabing parangal ay iginawad bilang pagkilala sa patuloy na pag-abot ng CARD Bank sa mga kliyente at malalayong lugar upang maghatid ng kanilang produkto at serbisyong pinansiyal na makapag-aahon sa kanila sa

▶ 2

## CaMIA, labing-isang taon na

ni *Neliza Largueza*

Ang CARD MRI Insurance Agency, Inc. (CaMIA) ay nasa ika-11 taon na sa pagbibigay ng *life* at *non-life microinsurance products* sa milyon-milyong Filipino.

▶ 2




**Samahang pagkalusugan.** Masayang ipinakita ng mga kinatawan ng CARD MRI at Generika Drugstore ang matagumpay na MOU signing na naglalayong mas mapabilis pa ang paghahatid ng serbisyong pangmedikal sa mga Filipino saan man sa mundo. Dinaluhan nina (mula kaliwa) Generika Drugstore VP for Finance and Administration Atty. Josette Adrienne Abarca, Generika Drugstore President and CEO Dino Francisco, CARD MRI Founder and Chairman Dr. Jaime Aristotle Alip, AC Health President and CEO Paolo Borromeo, BotiCARD President Rosenda Aquino, at CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento ang nasabing pagpirma ng kasunduan.

## BotiCARD, Generika Drugstore nagtulungan sa mabilisang paghahatid ng serbisyong pangmedikal

ni *Raffy Antes*

Isang mas mabilis na paghahatid ng suplay ng mga gamot para sa mga kliyente ng CARD MRI sa panahon ng kalamidad ang maaasahan mula sa pinirmahang kasunduan ng BotiCARD at Generika noong Agosto 9, 2018 sa Holiday Inn

▶ 5

Ang CARD MRI ay isang organisasyong tumutulong sa pamilyang Pilipino upang makabangon mula sa kahirapan.

20 M.L. Quezon St., City Subdivision, 4000 San Pablo City, Laguna

Follow our social media accounts!
@cardmri
CARD MRI
www.facebook.com/CARDMRIofficial

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa
(049) 562-4309

Scan this QR code to visit CARD MRI website

# CARD MBA, naglabas ng P28M disaster aid

◀ 1

*microfinance institutions* ng CARD MRI.

Batay sa ulat ng CARD MRI Disaster Management Team, ang mga pamilyang tatanggap ng tulong ay kinabibilangan ng 19,008 kliyente ng CARD, Inc. at mga pamilya nito; 44,128 ay galing sa CARD Bank Inc., 28,882 mula sa CARD SME Bank, Inc., at 3,316 mula sa Rizal Bank, Inc.

"Simula nang manalasa ang bagyo hanggang ngayon ay patuloy ang paghahanda natin ng *relief goods* at mga gamot na kailangan ng ating mga kliyente upang mabilis na maihatid sa kanila," sabi ni Deolito C. Valdemar, tagapamahala ng CARD MRI Disaster Management Team.

**Programang Pabahay**

Isa rin sa mga benepisyong isinusulong ng CARD MRI sa pamamagitan ng CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) at CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) ay ang programang pabahay na matatanggap ng mga kliyente nitong nasalanta ng bagyo. May 26 na kumpirmadong mabibigyan ng pampaayos ng bahay mula sa 240 may-ari ng bahay na naapektuhan ng kalamidad.

Sinabi ni CAMIA President Vener Abellera na nakapagpadala na sila ng karagdagang tauhan upang pag-aralan ang sitwasyon ng mga nasalanta. Kasabay nito, nilinaw ng tagapamahala na ipagpapatuloy nila ang pag-aaral sa lagay ng natitira pang 214 na pamilyang apektado kapag humupa na ang baha sa mga apektadong lugar.

"Palaging handang tumugon ang CARD MRI sa mga pangangailangan ng ating mga miyembro lalo na sa panahon ng kalamidad tulad ng bagyo," wika ni Flordeliza L. Sarmiento, punong tagapamahala ng CARD MRI.

Personal na binisita ni Sarmiento ang *unit office* sa Sta. Barbara, Pangasinan noong Hulyo 23, 2018 upang i-monitor ang mga gawaing inilulunsad ng Disaster Management Team.

Ang CARD MRI ay isang grupo na binubuo ng 21 institusyon kabilang na ang CARD MBA, CPMI, CaMIA, at ang apat na institusyong pinansiyal na naglalayong supilin ang kahirapan sa Filipinas sa pamamagitan ng *microfinace* at *community development programs.*

## CARD Bank, Outstanding...

◀ 1

kahirapan.

"Ang karangalang ito ay magsisilbing susi ng CARD Bank upang patuloy na tuparin ang ating pangako sa paghahatid ng maaasahan at mapagkakatiwalaang serbisyong pinansiyal sa mga kababayan nating nais umangat ang buhay mula sa kahirapan na walang kakayahang masuportahan ang mga sarili," ani Marivic M. Austria, pangulo at CEO ng CARD Bank.

Ang CARD Bank ay limang taon nang nananatiling kampeon para sa *financial inclusion* simula pa noong 2013.

**Paghahatid ng serbisyong abot-kamay ng mahihirap**

Ang CARD Bank, kasama ng 20 pang miyembrong institusyon ng CARD MRI ay patungo sa istratehiyang 5-8-40 kung saan sa loob ng limang taon simula noong 2016 ay magkakaroon ng walong milyong kliyente at makapagpapaunlad ng 40 milyong indibidwal.

Batay sa pahayag ni Austria, patuloy na pinalalawak ng CARD Bank ang pag-abot sa mga lugar na imposibleng marating ng mga bangko upang maghatid ng serbisyong pinansiyal sa pamamagitan ng *microfinance*. Sa kasalukuyan, ang CARD Bank ay mayroong 87 sangay, isang punong himpilan, at 653 opisina at tanggapan sa buong bansa.

"Nakapagbukas na tayo ng mga sangay ng bangko sa mga lugar na noon ay hindi naaabot ng ating serbisyong pinansiyal at patuloy nating palalawigin ang proyekto sa taong ito at sa mga darating pang taon. Ipagpapatuloy nating hamunin ang ating mga sarili upang maging mas malakas ang loob natin sa pag-unlad," dagdag pa ni Austria.

**"Going digital"**

Maliban sa pagbubukas ng iba pang sangay ng bangko, binigyang-diin ni Austria ang mga hakbang sa pagpapabuti ng serbisyo sa mga kliyente nito.

"Namuhunan na rin tayo para sa IT *infrastructure* upang gawing mas makabago at moderno ang ating serbisyong hatid sa lahat ng ating mga kliyente," sabi ni Austria.

Ilan sa mga pagbabagong *digital* ng CARD Bank ay ang konek2CARD mobile application at ang *cardless* na makinarya nito. Hinahayaan ng konek2CARD ang mga kliyente ng CARD Bank na gawing *hassle-free* ang ano mang uri ng transaksiyon sa bangko ano mang oras at saan man gamit ang kanilang *smart phones*.

"Sa pamamagitan ng paggamit ng konek2CARD app, natsi-check ng mga kliyente ang kanilang *account balance* at *transaction history*, nababayaran ang kanilang mga *insurance* at *loans*, at nakapaglilipat ng pondo. Maging ang pagbabayad ng mga bayarin at pagbili ng *prepaid load* ay pinag-iisipan na rin," ani Austria.

Gayundin, ang naturang *cardless* na makinarya ang pinakabagong pakulo ng konek2CARD na nagbibigay-daan para sa may-ari nito na makabuo ng Quick Response (QR) Code para sa *cardless cash machine*.

Ang *code* ay ginagamit bilang alternatibo sa paglalabas ng pera nang hindi ginagamit ang Matapat ATM card o kahit hindi dala ang Pledge Savings account passbook sa bangko," ani Austria. Nilinaw din ni Austria na patuloy na pauunlarin ng CARD Bank ang produkto at serbisyong hatid nito sa kanilang mga kliyente sa buong bansa.

"Kailangan nating maging mas malapit sa ating mga kliyente. Bagama't ang pagpapaunlad sa sistema ng ating bangko ay nararapat, sisiguruhin pa rin nating mananatili tayong maging kaisa ng ating mga kliyente lalo na ng mga mahihirap," dagdag pa ni Austria.

Ang CARD Bank ay isang *microfinance-oriented rural bank* na may presensiya sa maraming bahagi ng bansa at naglilingkod sa higit 2.4 na milyong kliyente na may 99.19% *repayment rate* at P13.2 bilyong asset.




**Mabuhay!** Ang mga nasa larawan ay sina (mula kaliwa) BSP Managing Director Pia Roman Tayag, CARD Bank, Inc. President and CEO Marivic M. Austria, CARD Bank, Inc. Senior Management Adviser Dr. Dolores M. Torres, BSP Monetary Board Member Antonio S. Abacan, CARD Bank, Inc. Executive Vice President Lorenza dT. Bañez, CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento, CARD MRI Founder and Chairperson Dr. Jaime Aristotle B. Alip, BSP Monetary Board Member V. Bruce J. Tolentino, at BSP Monetary Board Member Juan D. Zuñiga, Jr. *Kuha ng BSP.*



## CaMIA, labing-isang taon na

◀ 1

Isang *thanksgiving mass* ang ginanap noong Agosto 2 sa selebrasyon ng pagbibigay ng abot-kayang *life* at *non-life insurance* sa mga Filipino. sa nakalipas na 11 taon. Itinatag ang CaMIA noong Hunyo 15, 2007 at inirehistro naman ito sa Securities and Exchange Commission (SEC) noong Agosto 2, 2007.

Ang CaMIA ay ang *insurance agency* ng mga *life* at *non-life insurance products* ng apat na institusyon ng CARD MRI. Ito ay nagbibigay ng mga *real-time* na produktong seguro sa pinakaabot-kayang halaga sa pakikipagtulungan ng iba't ibang *microinsurance institutions*.

Nabanggit ni Vener S. Abellera (pang-apat mula sa kaliwa), presidente ng CaMIA, na sila ay mananatiling tapat sa pagbibigay ng mas marami pang *life* at *non-life microinsurance products* na makatutulong sa mga kapus-palad na makaahong muli mula sa pighati at pagkabalisang dulot ng mga kalamidad.

Mula Hunyo 2018, ang CaMIA ay may kabuuang 919,170 *policy holders* sa ilalim ng SAGIP Plan, Kabuklod Plan, CARD Care, BAP, at Dakila. Sakop ng mga produktong seguro na ito ang *personal accident*, *re-house*, at iba pa.




# CARD Bank Davao, lumipat na sa bago at mas malawak nitong opisina

ni *Lyka Amethyst Casamayor*

Maaari nang bisitahin ng mga kliyente ng CARD Bank, Inc. ang bago at mas malawak na sangay nito sa Davao City. Ito ay pormal na binuksan noong Hunyo 18, 2018 sa Rizal St. corner Anda St., Brgy. 3-A.

Ayon sa pangulo ng bangko at CEO na si Marivic Austria, ang paglipat sa bagong opisina ay bahagi ng pangako ng tanggapan na maghatid nang mas mainam at komportableng serbisyo sa lumalagong bilang ng mga kliyente nito.

Matatandaang sinimulan ng CARD Bank ang operasyon nito sa lungsod ng Davao noong 2007. "Nagpapasalamat tayo sa pagpapatayo nang mas maayos at simpleng sangay ng bangko sa Magallanes. Sa pagkakataong ito ay sisimulan natin ang pagbibigay ng mas pinagandang karanasan sa mga transaksiyon sa bangko ng ating mga kliyente," dagdag pa ni Austria.

"Bilang kliyente ng CARD Bank, natutuwa ako sa mabilisang paglago nito. Ang institusyong ito ay itinayo para sa mga kapos-palad na naghahangad na mapag-ibayo ang mga buhay sa pamamagitan ng serbisyong hatid para sa benepisyo at ikabubuti ng kanilang mga kliyente," sabi ni Ruby Coma, kliyente at dating miyembro ng Board of Directors ng bangko.

Ang paglipat sa bagong opisina ay kasabay rin ng muling pagbubukas ng BotiCARD Inc. at paglipat ng tanggapan ng CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA).

Ang nasabing dalawang institusyon kabilang pa ang CARD Bank ay mga kasaping institusyon ng CARD MRI.

Ang pagsasama ng tatlong opisina sa iisang gusali, ayon kay CARD MBA CEO May Dawat, ay upang mabigyan ng CARD MRI ang mga kliyente nito ng mas mainam at mas pinadaling serbisyong *microfinance* at *community development*.

"Kapag tapos nang makapagbangko ng ating mga kliyente, maaari din nilang bisitahin ang opisina ng CARD MBA upang makapagtanong sa iba pang paraan kung paano maiaangat ang kanilang mga pamilya," dagdag pa ni Dawat.

"Ang BotiCARD ay bukas din tuwing Lunes hanggang Biyernes, 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon upang tumugon sa mga pangangailangang pangmedikal ng ating mga kliyente at ng publiko," ani Rosenda Aquino, pangulo ng BotiCARD.

Idinagdag din nito na ang mga kliyente ng CARD ay makakukuha ng 20% diskuwento sa lahat ng bibilhing *generic* na gamot.

Ilan din sa mga produkto ng Mga Likha ni Inay, isang kompanya ng CARD MRI na nag-uugnay sa *grassroots microentrepreneurs* sa pangunahing pamilihang bayan ay mabibili rin sa nasabing botika.

Sa patuloy na pamamaraan ng CARD MRI gamit ang istratehiyang 5-8-40, mas marami pang miyembro ang inaasahang magiging bahagi ng malawakang pagsulong upang tulungan ang mas maraming mahihirap na bumuti at umangat ang buhay sa pamamagitan ng mga programa at serbisyong hatid ng CARD MRI.

Ang 5-8-40 na istratehiya ay naglalayong magkakaroon ng walong milyong kliyente ang CARD MRI at makapagseguro ng 40 milyong indibidwal sa loob ng limang taon simula noong 2016.







**Magandang pagpapatuloy.** Masaya ang bawat isa sa BotiCARD at CARD MBA nang mabuksan ang kanilang bagong opisina kasabay nang pagbubukas ng bagong sangay CARD Bank sa Davao City. Ang pagbubukas ng mga bagong opisina ng CARD ay dinaluhan din ng mga kliyente nito.

## NEWS BRIEFS



### *Pagtutulungan para sa pag-unlad*

Binisita ni CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento (pangalawa mula sa kanan) ang kanilang *partners* sa Vietnam noong Hunyo 17-23, 2018.

Siya ay dumalo sa mga pagtitipon kasama ang Vietnam Women's Association (VWA), Vietnam Women's Union (VWU), at Quy Tinh Thuong One-member Limited (TYM) para sa proyekto kasama ang Savings Banks Foundation for International Cooperation (SBFIC) tungkol sa institusyonal na pagpapaunlad ng kanilang *partners* sa Vietnam.

Ang nasabing proyekto ay naglalayong tulungan ang TYM sa kanilang *client expansion* at ang VWU sa pagbuo ng kapasidad sa *microinsurance*.

Higit pa rito, ang hiwalay na kasunduan ng CARD MRI kasama ang VWA ay inaasahang maipatutupad ngayong taon.

Ito ay magbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral at mga guro ng parehong institusyon upang maranasan ang pagpapalitan ng kaalaman sa pagitan ng dalawang bansa. ***Raffy Antes***

### *RBI, nagsimula nang magbukas sa Marikina City*

Binuksan ang ika-21 na sangay ang Rizal Bank, Inc. (RBI), isang *microfinance-oriented rural bank*, sa Algers 5 Bldg. No. 14 Gen. Ordoñez Ave., Marikina Heights, Marikina City noong Hulyo 31, 2018.

Pinangunahan ito ng Presidente at CEO ng RBI na si Elma Valenzuela (kaliwa) at CARD MRI Managing Director Flordeliza L. Sarmiento (kanan). Ang patuloy na paglawak ng RBI, ayon kay Valenzuela, ay parte ng kanilang pangakong pagdadala ng *microfinance* at *community development services* sa mga maralitang kababaihan at kanilang mga pamilya. Nakahandang magbukas ng apat pang sangay ang RBI bago matapos ang 2018, bilang pagdaragdag sa walong sangay na aprubado ng Bangko Sentral ng Filipinas (BSP). ***Neliza Largueza***



## BALITANG PANGREHIYON

# *DOLE XI, nagsagawa ng Sustainable Livelihood Framework consultation*

ni ***Kriztja Marae G. Labrador/LCO-DOLE XI***

**Upang lalo pang mapaigting ang implementasyon ng kanilang programang pangkabuhayan, ang Department of Labor and Employment (DOLE) XI ay nagsagawa ng *monitoring* at *consultation* kasama ang mga benepisyaryo nitong nag-enrol sa Sustainable Livelihood Framework (SLF) sa Davao Region sa pangunguna ng DOLE Bureau of Workers with Special Concern (BWSC) noong Hulyo 18-19, 2018 sa Malagos Garden Resorts sa Davao City.**

Ang mga kalahok ay nagbigay ng *updates* tungkol sa kanilang mga pagsasagawa at ideya na pangkabuhayan para sa maayos na pagsasakatuparan ng SLF. Pinangunahan ni DOLE-BWSC Workers in the Informal Economy Development Division Chief Maria Lourdes J. Gonzales ang mga talakayan. Ginanap din bilang parte ng naturang gawain ang isang *workshop* tungkol sa pagbuo ng 2019 *action plan* para sa iba't ibang *livelihood associations*.

Hinimok ni DOLE XI OIC-Assistant Regional Director Jason P. Balais ang mga kalahok upang mas mapaayos pa ang kanilang mga produkto dahil maaaring mapakilala ang mga ito sa ibang bansa balang araw.

Tiniyak din ni ARD Balais na ang SLF *convergence* ay makatutulong sa kanila sa proseso. "Huwag nating sayangin ang oportunidad na ito na maging isa sa mga pinakamahuhusay na SLF *implementing regions* sa bansa," ayon kay ARD Balais.

Ang SLF ay ang *strategic approach* ng DOLE patungo sa mas epektibo at mahusay na pagsasagawa ng mga *livelihood programs* na higit na makapagbibigay sa pagkamit ng pambansang layunin na *inclusive growth*. Ang gawaing ito ay parte ng pangako ng DOLE na baguhin ang 320 pangkabuhayang proyekto na kilala sa iba't ibang rehiyon upang maging negosyo sa pamamagitan ng SLF.

Ang pagsasagawa ng SLF ay nagpapahusay ng *entrepreneurial capacity* at *productivity*; nagdadagdag ng kakayahang makipagkumpitensiya ng mga produkto o serbisyo; at nagpapalaki ng kita at kalidad ng buhay ng mga benepisyaryo.


SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.
Ad Rates

| SIZE | INSIDE PAGE EVEN PAGES (B&W) | INSIDE ODD PAGES (B&W) | BACK PAGE (B&W) | FULL COLOR INSIDE EVEN PAGES | FULL COLOR INSIDE ODD PAGES | FULL COLOR BACK PAGE |
|---|---|---|---|---|---|---|
| FULL PAGE | 11,200 | 12,320 | 13,440 | 22,400 | 24,640 | 26,880 |
| CENTER SPREAD | 28,000 | | | | | |
| 1/2 | 5,600 | 6,160 | 6,720 | 11,200 | 12,320 | 13,440 |
| 1/4 | 2,800 | 3,080 | 3,360 | 5,600 | 6,160 | 6,720 |
| 1/8 | 1,400 | 1,540 | 1,680 | 2,800 | 3,080 | 3,360 |

**Note:** Should your advertisements include visible photos of member or their family members, please send us a copy of their photoconsent.

Advertisement with Photos:
File Format: JPEG or PNG
Resolution: 300 dpi

For reservations:
You may contact us at publishing@cardmri.com
562-4309 loc. 108



Place your Ads Now !


## *Manguna sa daang...*

◀ 1

probinsya ay isang *war-torn zone*. Ang CARD, Inc. ay nagbukas din sa Sitangkai, ang tinaguriang Venice of the South, na 58 kilometro mula sa isla ng Bongao. Noong Agosto 27-28, binisita ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang Sitangkai upang personal na makita at makilala ang kanilang mga kawani at kliyente. Nagsagawa rin siya ng *close monitoring* sa progreso ng *microfinance operations* ng CARD, Inc. at ang pagsisimula ng *Shari'ah-inspired microfinance program* nito sa lugar.

Sa kasalukuyan, inaabot ng CARD, Inc. ang mahigit 5,832 kliyente sa Tawi-Tawi, at 23 kawani at 905 kliyente sa Sitangkai. Hinahangad ni Dr. Alip na makapagbukas pa ng maraming sangay sa Tawi-Tawi sa mga susunod na taon at hinahamon ang lahat na magtrabaho sa *development sector* na sumusuporta sa pagsugpo sa kahirapan.

# 'Til death do us part



Noong Agosto 14, 2018, 11 magsing-irog ang nagpalitan ng pangako sa *mass wedding ceremony* na ginanap ng CARD MBA sa San Francisco, Agusan del Sur. Ang mga bagong kasal ay mga kliyente ng CARD, Inc. at CARD MBA. Ang kasalang bayan ay isa sa *non-financial services* ng CARD MBA para sa mga miyembro nito sa buong bansa. Ito ay parte ng pangako ng samahan na siguraduhing ang bawat pamilya ay matamasa ang benepisyo ng legal na kasal. Ang kasalan ay pinangunahan ni Mayor Jenny De Asis. May kabuuang 1,277 kliyente na ang nag-avail ng *mass wedding program* ng CARD MBA simula noong 2002. ***Neliza Largueza***

## ALL SMiLES!



Ang mga kliyente ng CARD Bank, Inc. ng Tagum City, Davao del Norte ay nagalak nang sila ay binisita ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip (gitna), *founder* at *chairman emeritus* ng CARD MRI, sa kanilang lingguhang *center meeting* kasama ang kaniyang mga estudyante mula sa CMDI-Tagum College.

Sa pagpupulong, hinikayat ni Dr. Alip ang mga kliyente na ipagpatuloy ang kanilang mahusay na pagganap sa Repayment, Attendance, Project, at Attitude (RAPA).

Ipinaliwanag din niya ang kahalagahan ng pagdalo sa mga lingguhang *center meetings*. Sa pagtitipong ito nagsasama-sama ang mga kliyente upang pag-usapan ang iba't ibang programa upang mapalago pa ang kanilang mga negosyo. Ang Credit with Education (CwE) ay ipinapasinaya rin ng Account Officer (AO).

Ngayong taon, si Dr. Alip ay inaasahang bibisita sa mas marami pang *centers* sa Mindanao dahil siya rin ang umuupong dean ng College of Business and Management ng CMDI sa Tagum City. ***Raffy Antes***

# BALITANG PANGKALUSUGAN

## CARD MRI nakatanggap ng Diploma of Service

**Binigyan ng Diploma of Service ang CARD MRI, sa pamamagitan ng kanilang Microfinance and Health Protection (MaHP) Unit, bilang isa sa mga "Blood Samaritans" partners ng Philippine Red Cross (PRC)-San Pablo City Chapter sa pagdiriwang ng kanilang 68*th founding anniversary* noong Hulyo 30, 2018 sa San Francisco, San Pablo City.**



Ang MaHP ay bahagi ng CARD MRI *support unit* kung saan ang pangkalusugang serbisyo ng CARD MRI ay ipinahahatid. Isa sa mga malalaking gawain nila ay ang Community Health Day (CHD), kung saan naibabahagi ang libreng *medical*, *dental*, at *optical services.*

Ito ay parte ng pangako ng institusyon na mapabuti ang pamumuhay ng maraming kababaihan at kanilang mga pamilya sa pamamagitan ng paglalapit ng serbisyong pangkalusugan sa kanila.

Dumalo sa nasabing pagtitipon sila MaHP Deputy Director Dr. Roderick Belen (gitna) na siyang tumanggap ng parangal, PRC San Pablo City Chapter Vice President Ester Lozada (kanan), at mga PRC board members. ***Neliza Largueza***

### CHD, nagsilbi sa mga residente ng Ilocos Norte



Ginanap noong Hulyo 13, 2018 ang Community Health Day (CHD), isang programa na isinagawa ng CARD, Inc. kasama ang Microfinance and Health Protection (MaHP) Unit ng CARD MRI. Nagsilbi ito sa higit 270 lokal na residente ng Marcos, Ilocos Norte. Ang nasabing programa na nagbibigay ng libreng serbisyong medikal, dental, at optikal, ay regular na isinasagawa sa iba't ibang parte ng Filipinas. Mula noong nagsimula sila hanggang Hunyo nitong taon, 278 CHDs na ang naisagawa na mayroong higit sa 15,600 benepisyaryo sa buong bansa. ***Neliza Largueza***

## BotiCARD, Generika Drugstore nagtulungan...

◀ 1

Hotel sa lungsod ng Makati.

"Ang naturang kasunduan at pagsasanib puwersa ay inaasahang makatutulong upang mas mapadali ang pangkalahatang paghahatid ng tulong ng CARD MRI sa mga kliyente nitong apektado ng kalamidad. Inaasahan namang magsisilbing kaakibat ng BotiCARD ang Generika Drugstore sa mabilisang pagtugon sa mga pangangailangang medikal ng mga empleyado at kliyente nito," ayon kay Rosenda Aquino, pangulo ng BotiCARD.

Ang Generika Drugstore ay parmasya na naghahatid ng kalidad na uri ng mga gamot sa murang halaga katulad ng BotiCARD. Ito ay may tinatayang 770 pamilihan na patuloy na lumalago sa loob ng buong bansa.

Ayon sa pangulo nito at CEO na si Dino Francisco, ang pagtutulungan ng dalawang botika ay umaasang makapaglilingkod sa mas maraming Pilipino sa pamamagitan ng paghahatid ng kalidad at mapagkakatiwalang serbisyong pangmedikal sa buong Filipinas.

Idinagdag din ni Francisco na ang kasunduan sa pagitan ng BotiCARD at Generika ay may layuning mapagaan ang buhay nang mas maraming Pilipino partikular na ang 5.4 na milyong kliyente at miyembro ng CARD MRI sa bansa.

"Ang pagsupil sa kahirapan ay hindi lamang nakakamit sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyo mula sa *microfinance*. Kailangan din nating bigyang-pansin ang kalusugan ng ating mga kliyente lalo na sa panahon ng kalamidad at sakuna. Kaya naman, tayo, sa CARD MRI,

▶ 11

## DSWD-Caraga pinagtitibay ang programa laban malnutrisyon

***ni Mike Ariel P. Plaza/ DSWD Caraga***

Sa pagpapatuloy ng layunin nitong mapaayos at mapanatili ang *nutritional status* ng mga batang *enrolled* sa Community Day Care Centers (CDC), ang Department of Social Welfare and Development (DSWD)-Caraga ay naglaan ng P140,529,600 para sa Supplementary Feeding Program (SFP) ngayong *school year.*

Sa pagsasakatuparan ng SFP, tinatarget ng DSWD-Caraga na magpakain ng 78,072 mga bata sa 2,122 Day Care Centers sa buong rehiyon. Ang nasabing *feeding program* na ibibigay ng lima hanggang pitong araw kada linggo, ay gumagamit ng *indigenous* at *locally produced* na pagkain sa mga barangay kung saan ang *centers* ay nakatayo. Ang mga pagkain ay ihahanda sa mga bata sa oras ng meryenda.

Ayon kay OIC Regional Director Mita Chuchi Gupana-Lim ang SFP ay ipinagtitibay upang mabawasan ang malnutrisyon lalo na sa mga malalayong barangay kung saan ang kahirapan ay kitang-kita. "Maaaring hindi natin maibigay ang kanilang pangunahing pagkain araw-araw, ngunit ang programang ito ay narito bilang karagdagang suporta sa pagpapabuti ng kaalaman, ugali, at gawi ng mga bata at kanilang mga magulang at tagapag-alaga," dagdag ni Lim. Binigyang-diin niya na ang programang ito ay uri ng adbokasiya para sa mas pinatinding edukasyong pangnutrisyon at pangkalusugan.

Para masubaybayan at ma-dokumento ang bisa ng programa, ang mga bata ay tinitimbang bago at pagkatapos ng 120 *feeding days.* Noong nakaraang *school year*, ang 88.17% ng mga batang benepisyaryo ng SFP ay napabuti ang timbang mula *severely underweight* ay naging *underweight* samantalang ang 88.47% naman ay napabuti mula *underweight* ay naging normal.

"Ang mga numerong ito ay nagpapakita ng makabuluhang pagbabago sa timbang ng mga bata," ayon kay Lim. Idinagdag niya na maliban sa mga resulta ng timbang ng CDC *attendees*, ang programang ito ay nagbibigay kasiyahan sa mga bata habang natututo sa loob ng *centers.*

Ang SFP ay kontribusyon ng DSWD sa Early Childhood Care and Development Program ng gobyerno.


SULONG!
Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI



Get your copies in our Sulong Outlets !


**Hotels & Establishments:**
San Pablo Museum ● Gapit Fruit Farm and Resort ● Eurotel Naga ● Andal's Barrio Meals ● Arabelle Suites ● Jamilla's Penshion House ● Bahag Footwear ● Kamayan Penthouse Beach Resort ● Forest Wood Garden ● Reyna's Haven and Gardens ● Kamayan at Palaisdaan Restaurant ● Quezon Premier Hotel (Domoit, Lucena) ● Quezon Premier Hotel (Candelaria, Lucena) ● Quezon Premier Hotel (Pansol, Calamba City) ● Kamhantik Hotel ● Ang Tahanan ni Aling Meding ● Cebu Business Hotel ● Dumaguete Royal Suite Inn ● Laresio Lakeside Resort ● Orchid Hotel ● Hotel Necita

**Schools & Universities**
UPLB - CDC ● Laguna University ● South East Asia Interdisciplinary Development Institute ● Laguna Colleges ● Kintner Christian Academy ● TESDA ● AIM Convention Center ● MSC Institute of Technology ● Open Door Christian Academy ● Little's People School ● St. Joseph School ● Canossa College University of Negros Occidental-Recoletos ● University of Pangasinan Development Academy of the Philippines (Pasig, Manila) ● Development Academy of the Philippines (Tagaytay) ● Development Academy of the Philippines (Davao)

**Terminals & Local Government**
Municipal Hall of Sta. Cruz, Laguna ● Municipal Hall of Bay, Laguna ● City Hall of Tacloban ● Bicol Central Station ● Pangasinan Solid North Dagupan Terminal

## EDITORYAL

# Shari'ah financing para sa mga kapatid nating Muslim




Ang mga Filipinong Muslim ay may mahalagang gampanin sa bansa. Naunang dumating kaysa sa mga Kastila sa noo'y watak-watak na mga isla, ipinalaganap ng mga Arabong mangangalakal ang Islam sa Mindanao at mga karatig nitong isla. Mula noon, malaki na ang naging kontribusyon ng mga Muslim sa kasaysayan at kultura ng Filipinas.

Bagamat maituturing na pundasyon ng bansa, maraming suliranin ang mga kapatid natin sa Mindanao. Ilan dito ay ang kalunos-lunos na kahirapan, kawalan ng kapayapaan, at matinding diskriminasyon na nanggagaling sa kapwa Filipino.

Apat sa limang pinakamahihirap na rehiyon sa bansa ay galing sa Mindanao, at isa rito ang Autonomous Region of Muslim Mindanao (ARMM) kung saan isa sa dalawang Filipino ay mahirap.

Noong 2017, nagkaroon ng bakbakan sa pagitan ng mga sundalo at *terrorist groups* na nagdulot ng pagkawasak ng maraming buhay, tahanan, at negosyo ng mga sibilyan. Marami ang lubhang naapektuhan ng nasabing trahedya. Sa ngayon, nasa ilalim ng Batas Militar ang Mindanao.

Ang mga problemang ito ay nagpapatunay na isa sa mga pinakamahihirap na sektor ng lipunan ang mga kapatid nating Muslim. Dahil hindi napupunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan, hindi nila nakakamit ang kanilang ambisyon na mapaunlad ang kanilang mga buhay at maging produktibong miyembro ng lipunan.

Upang matulungan ang ating mga kapatid, inilunsad ng CARD, Inc. ang *Shari'ah-inspired microfinance program* nito na tinatawag na Paglambo Project noong Pebrero 2018. Ang CARD, Inc. ay ang *microfinance NGO arm* ng CARD MRI. Ang programa ay sumusunod sa mga palatuntunan ng Shari'ah o Islamic Law ukol sa kalakarang pampinansyal.

Ang mga aplikante ay makatatanggap ng pondo para sa kanilang negosyo at *Islamic life insurance* o "Panangga". Ang hakbang na ito ay nagbibigay ng oportunidad sa mga Filipinong Muslim na kumita at mapaganda ang kanilang buhay. Mahirap man magpatakbo ng negosyo sa simula, nagsisilbi itong pag-asa para sa ating mga kababayan na naghahangad ng pangmatagalan na pagbabago.

Ang Paglambo Project ay isa lamang sa mga serbisyo ng CARD MRI. Sa loob ng 30 taon, ang CARD MRI ay patuloy na nagbibigay ng dekalidad at epektibong programa para sa mga Filipino. Ang mga halimbawa nito ay *scholarship grants*, *sustainable livelihood programs*, at *education and training programs.*

Patuloy ang pagseserbisyo ng CARD MRI upang makamit nito ang layunin na maging *financially inclusive* ang Filipinas.

SULONG!
Editorial Board

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
*Publisher*

**Dr. Jaime Aristotle Alip**
**Flordeliza Sarmiento** **Marilyn Manila**
*Editorial Advisers*

**Dr. Edmund Centeno** — *Editor-in-Chief*
**Cyrene Grace Lubigan** — *Managing Editor*
**Jeffrey Tandingan** — *Associate Editor*

**Raffy Antes | Kim Belen** — *Writer/Layout Artist*
**Neliza Largueza** — *Writer*
**Kenneth Espina | Clark Qury Cuello** — *Cartoonists*

Nilalayon ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala anim na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa publishing@cardmri.com.

**CONTRIBUTORS**
DOLE XI
DSWD Caraga
Block 1, CMDI Tagum Campus
Andrew John Fernandez
Jane Claire Jamili
Lyka Casamayor
Lailanie Moral

**CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.**
M.L. Quezon St., City Sub., San Pablo City, Laguna

**CARD MRI**
Official Facebook page

**@CARDMRI**
Official IG account

**CARD MRI**
Official YouTube channel

**www.cardmri.com**
Official Website






## KUSINA NI ATE MD

*Ms. Flordeliza L. Sarmiento*
Managing Director
CARD MRI

Sa bawat pagbubukas ng aking kusina ay tuwa at galak ang aking nararamdaman dahil naibabahagi ko sa inyo ang mga pagkaing malapit sa aking puso na pwede nating lahat hugutan ng inspirasyon. Lumaki ako sa isang payak na pamilya at lugar na kung saan halos lahat ng aming kinakain ay kung ano ang nasa paligid nito. Kung gusto mong humigop ng sabaw, mayroong malunggay at talbos ng kamote na maaaring lutuin. Kung gusto mo ng juice, magpapakulo ka lamang ng talbos ng kamote at haluan ng kalamansi juice ay masarap na.

Napakapayak ngunit ito ay masarap at masustansya. Maraming mga bagay sa mundo ang akala natin ay patapon na o hindi na magagamit pa. Kaya sa edisyon ng kusina ko, bibigyan natin ng importansya ang "saha ng saging".

Ang puno ng saging ay maaari din nating maituring na puno ng buhay katulad ng niyog. Akala natin kapag nakuha na natin ang bunga nito, ang puso, at dahon na pwedeng gamiting pambalot sa pagkain ay tapos na --- ngunit hindi pa pala.

Isa ang saha ng saging na maaari pa nating gamitin lalo na sa pagluluto. Isa sa pinakamasarap na kombinasyon nito ang sinaing na tulingan. Sino ba ang mag-aakala na ang saha ng saging ang magbibigay ng masarap na lasa ng sinaing na tulingan.

Unang pagluto at tikim ko nito, nalasahan ko kung gaano kalinamnam ang isda at ang sarsa. Simpleng mga sangkap at mura lamang ngunit ang lasa ay masarap. Ang lutong ito ay nagpapaalala sa akin kung paano tayo dapat maging malikhain at walang sinasayang.

**Maging malikhain.** Ang mga simpleng bagay ay maaari nating pagandahin pa ng hindi nawawala ang esensya nito. Kagaya nalang ng ginagawa namin sa aming mga kliyente. Karamihan sa mga kliyente namin ay MSMEs. Mayroong mga lugar na halos bawat isa sa kanila ay magkakaparehas ang negosyo kaya naman marami kaming isinasagawang *enterprise development trainings* upang mas mapahusay at mapaangat pa nila ang kalidad ng kanilang produkto. Kung noong una ay simpleng banana cue, ngayon ay pwedeng banana cue with sesame seeds na. Ganito rin ang payo ko sa mga kawani ng CARD MRI. Laging gawin ang kung ano ang kaya pa. *Never settle for less.* Siguro sa unang subok ay mahirap at nagkakamali pa, ngunit kung paghuhusayan ay kayang mapagtagumpayan. Ito ay mga maliliit na hakbang ngunit kung sisimulan at hindi matatakot gawin ay kayang-kaya.

**Walang sinasayang.** Sa panahon ngayon na halos ang presyo ng mga pangunahing bilihin ay nagsisitaasan na, iwasan natin ang mag-aksaya. Kung pwede pang gamitin ay gamitin. Dapat wala tayong sinasayang maging ito man ay pagkain, gamit, o pagkakataon. Ginawa ang bawat bagay at nangyayari ang bawat pagkakataon dahil ito ay may dahilan. Malalaman lang natin ito kung susubukan natin. Noong ginamit ko ang saha ng saging, akala ko magiging kakaiba ang lasa ng aking sinaing. Pero hindi. Ito ay mas naging masarap pa. Siguro panahon na para balikan natin ang ating *lifestyles.* Paano ba natin ginagamit ang bawat oras at pagkakataon na dumarating sa ating buhay, trabaho, at higit sa lahat, pamilya? Sana sa bawat oras at pagkakataon na dumating sa atin ay huwag nating sayangin.

Isang simpleng saha ng saging ngunit ang lasa at karunungang pwede nating mapulot ay higit pa sa pulut-pukyutan ang tamis. Pinapaalalahanan tayo ng lutuing ito na kaya nating maging magaling kahit akala ng iba ay isa lang tayong ordinaryo.

Tulad ng CARD MRI, nagsimula lamang ito sa bente pesos at napakasimpleng opisina. Hindi pa nga iyon matatawag na opisina dahil mayroon lang kaming isang mesa at tatlong upuan. Ngunit dahil sa pagpupursige ng bawat isa, nakamit ng CARD MRI ang minimithi nito.

Sana ang *recipe* ko ngayon ay makapagbigay ng inspirasyon sa bawat isa sa inyo. Tara ng mamili, magluto, at, lasapin natin ang masarap na lasa ng sinaing na tulingan na may saha ng saging. Hanggang sa susunod nating kwentuhan at lutuan.



**Mga sangkap:**

1/2 kg tulingan
1 kg saha ng saging na saba
(Sa paghiwa nito, alisin ang parang sinu-sinulid at ang pinakaubod sa gitna ng saha dahil mapait ito kapag isinama sa pagluluto)
1/2 tasa ng suka
1 kg purong kakang gata
Sibuyas
Asin at paminta (Ayon sa panlasa)
Sili (opsyunal)

### Sinaing na tulingan na may ginaataang saha ng saging

**Pamamaraan:**

1. Alisin ang hasang at bituka ng tulingan. Hiwain ito sa gitna at hugasang mabuti hanggang sa matanggal ang dugo nito.
2. Lagyan ng asin ang bahaging may hiwa ng tulingan upang magkalasa at bahagyang pisain ang isda. Kung malaki ang isda, hatiin ito sa dalawa.
3. Ilagay sa palayok at lagyan ng kaunting tubig. Lagyan ng kaunting suka. Lutuin sa mahinang apoy.

**Paraan ng pagluluto ng saha na may tulingan**

1. Sa isang kawali, ilagay ang saha at pinagpira-pirasong tulingan. Ilagay ang pangalawang gata.
2. Lagyan ng sibuyas, bawang, at paminta.
3. Pakuluin. Lagyan ng asin ayon sa panlasa.
4. Kapag malapit nang maubos ang ikalawang gata, muli itong lagyan ng ¼ tasang suka.
5. Takpan at pakuluing muli sa mahinang apoy.
6. Kapag luto na ang saha, ilagay na ang unang gata.
7. Pakuluing muli sa mahinang apoy.
8. Lagyan ng siling mahaba.
9. Maaari ding lagyan ng siling labuyo kung nais ng maanghang na panlasa




## PAYO NI BOSS

*Dr. Jaime Aristotle B. Alip*
Founder and Chairman Emeritus
CARD MRI

*Boss, paano po napagtatagumpayan ng mga CARD MRI staff ang mga pagsubok sa assignment nila sa malalayong lugar?*

*-Kenneth John I. Espina*

Isa sa pinakamasayang oportunidad na maibibigay sa isang tao ay ang makapaglakbay. Ito ang magbibigay sa kanila ng panibagong perspektibo sa mga matutuhan at ang mga panibagong karanasang maibibigay nito na magpapaunlad sa kanila bilang isang indibidwal.

Ang CARD MRI ay mayroong opisina sa buong bansa at ang aming kawani ay inaasahang mabibigyang pagkakataon na makilala at makasalamuha ang ibang komunidad. Ang aming mga kawani ay pinapadala sa iba't ibang panig ng bansa kung saan may nangangailangan ng ating serbisyo.

Kalakip ng ating layunin ang pagsubok. Isa sa mga susi upang mapagtagumpayan ang anumang pagsubok bilang isa sa mga kawaning nakikipaglaban para sa mga mahihirap nating mga kababayan ay maunawaan at yakapin ang misyon ng CARD MRI. Nasa gitna tayo ng isang laban na nagpapahirap sa marami nating kababayan hindi lamang sa isang lugar ngunit laganap sa maraming bahagi ng bansa.

Nais nating matugunan hindi lamang ang isang komunidad ngunit ang buong bansang patuloy na umaasang makalaya sa tanikala ng kahirapan. Nais nating matulungan hindi lamang ang madadaling maabot ngunit ang mga malalayong isla maging ang mga lugar na madugong labanan ang umiiral.

Nais nating bigyang pansin ang pangangailangan ng pangkalahatan hindi lamang ang pagnanais ng iilan. Nais nating maging tunay na mandirigma na walang inuurangang pagsubok maabutan lamang ng tulong ang mga nangangailangan.

Tunay ngang mahirap ang magsilbi sa isang komunidad na naiaig ang takot at pangamba. Tayo ay isang malaking kapuluan na pinaghiwa-hiwalay ng karagatan. Dahil sa malalayo ang ilang kapuluan at sa banta ng seguridad, ito rin ang nagiging dahilan ng kakulangan ng magagandang oportunidad para sa mga mamamayan na naninirahan sa mga nasabing lugar. Marami ang naghihirap ngunit patuloy na umaasang may magandang bukas para sa kanila at sa kanilang pamilya.

Dahil dito, buong tapang nating binuksan ang operasyon ng CARD MRI sa mga *hard-to-reach* at *armed conflict areas* upang mabigyang *access* sa magagandang oportunidad ang mga naninirahan dito.

Hindi takot at pangamba ngunit ang dedikasyon at ang purong layunin nating makatulong ang ating pinairal. Tayo ay nagpapatuloy na abutin ang mga isla sa buong Filipinas maging ang buong Kamindanawan dahil nais nating magkaroon ng pagbabago sa kanilang komunidad. Nais nating simulan ang pagtulong ng walang takot.

Ito ang organisasyong kinabibilangan natin. Ito ang ating pagkakakilanlan. Walang pipiliing lugar at walang pipiliing taong tutulungan.

Mapagtagumpayan lamang natin ang mga pagsubok bilang isang kawani ng CARD kung ang puso't isipan natin ay nagnanais na maging bahagi ng makabuluhang pagbabago para sa isang komunidad. Ang pinagsama-samang nating pagganap sa misyon ay maghahatid na malaking pagbabago sa ating kapwa at sa bayan.

Laging nariyan ang pagsubok – sa tahimik, malayo, magulo, o kahit sa sentro ng isang mayamang lungsod. Bahagi ito ng patuloy nating pakikipaglaban. Ngunit kung ating yayakapin ng buong-buo ang CARD at ang ipinaglalaban nito para sa ating mahihirap na kababayan, ang lahat ng pagsubok na ito ay magtuturo sa iyo upang mas maging mahusay.

**Hindi magiging madali ang pagsubok ngunit sinisigurado kong ito ay magiging makabuluhang kwento ng iyong pagkatao.**

*Ikaw, mayroon ka bang nais itanong kay Boss? Ipadala ang iyong tanong sa publishing@cardmri.com upang siya mismo ang magbigay sa iyo ng makabuluhang payo!*

# KWENTO NG MGA KASAPI




CARD MRI
Hijos Tours Inc.
Experience our city, our heroes, and our history

CARD MRI HIJOS TOURS INC. 2017

For inquiries, please contact us at(049) 562-4309 local 108 or email us at hijostours@cardmri.com


## Isang pagsaludo para sa isang balo

ni ***Jane Claire Jamili***

Ang kamatayan ay isang pangyayaring hindi kailanman maiiwasan at kailangang harapin ng sino man. Bagama't ito ay bahagi ng buhay, hatid nito'y labis na sakit.

Ito ay kwento ni Nina Maria Regidor, apat na taon ng balo. Ang kaniyang asawa ay si Inspector Raul Regidor na nagkaroon ng tumor sa lalamunan na naging sanhi ng pagkamatay nito noong 2014. Hindi naging madali ang lahat para kay Nina lalo na't nasanay siyang palaging nasa tabi ng mister.

Nagpakasal ang mag-asawa noong taong 1989 at nanirahan sa Lahug, Cebu City. Bago pa man sila ikasal ay nasa pulisya na ang asawa at nabanggit ni Nina na noon pa lang ay madalas na ang pagkakasakit nito na kailangan ng mabilisang pagpapagamot.

Pagkatapos maikasal ay nagkaroon sila ng isang malusog na sanggol na lalaki, si Jenson. Dahil sa mga gastusin na kailangan nilang bayaran ay nagpasya si Nina na pumasok sa isang negosyong *buy and sell*.

Taong 2001 nang isilang ni Nina ang kanilang ikalawang anak, si Jane Marian. Maayos ang naging pamumuhay ng mag-anak sa loob ng maraming taon ngunit ang kondisyon ni Raul ang naging dahilan ng patuloy na pag-aalala ni Nina lalo na't madalas itong nagpapabalik-balik sa ospital para sa regular na gamutan.

Ayon kay Nina, ang pagkakasakit ni Raul ay naging isang malaking pagsubok para sa buong pamilya lalo na't lumalaki ang kanilang mga anak at kailangan nitong tustusan ang pagpapagamot ng asawa.

Lumipas muli ang maraming taon at unti-unting nakabalik sa serbisyo si Raul. Natanggap niya ang promosyon sa kaniyang ranko at naging maayos din ang takbo ng negosyo ni Nina.

Gayunpaman, dumating ang pinakamalaking dagok sa buong pamilya ni Nina. Nasuri ng mga doktor na si Raul ay may stage 4 na kanser sa kaniyang lalamunan noong 2014. Naging biglaan at mabilis ang pagkalat ng kanser sa katawan ni Raul.

Sa taon ding iyon ang inaasahang pagtatapos ni Jenson bilang isang *engineering student* mula sa kolehiyo. Nakita at sinariwa ni Nina kung paanong matiyagang naghintay ang asawa sa pagtatapos ng anak bago pa man ito pumanaw at magpaalam.

Isang buwan matapos tanggapin ni Jenson ang kaniyang diploma sa kolehiyo, tuluyang sumuko ang kaniyang ama. Hindi naging madali para sa lahat ang pagkamatay ni Raul lalo na at nagsilbi itong responsableng ama at asawa hindi lamang sa kaniyang pamilya kundi maging sa mga tao sa paligid niya.

**Tulong mula sa CARD**

Bago pa man mamatay ang asawa ay kliyente na ng CARD, Inc. si Nina. Nagsimula siya noong 2011 at pitong taon ng miyembro ng institusyon hanggang sa kasalukuyan. Sinariwa ni Nina kung paano siya tinulungan ng CARD sa kaniyang mga gastusin sa pamamagitan ng serbisyong pinansiyal lalo na noong mga panahong sabay na ipinagagamot ang asawang si Raul at pinag-aaral ang kanilang mga anak.

"Nagpapasalamat ako sa CARD dahil nakatagpo ako ng isang organisasyong pinahahalagahan ang pangangailangan ng kanilang mga kliyente. Natulungan nila ako sa mga panahong kailangan ko ng tulong-pinansiyal. Hangga't nandiyan ang CARD ay mananatili akong miyembro ng institusyon," sabi ni Nina.

Sa ngayon, kasama ni Nina si Jenson sa pamamahala ng kanilang negosyo sa Cebu at Bohol habang naghihintay ng pagkakatong maging lingkod ng bayan. Samantala, si Jane Marian ay kasalukuyang nasa Grade 12 sa Unibersidad ng Cebu.

Nagpapasalamat si Nina na kapiling na ng kanyang yumaong asawa ang Diyos dahil hindi na ito makararanas pa ng anumang hirap ng dahil sa sakit. Malaki rin ang utang na loob niya sa CARD dahil sa patuloy na tulong na ibinibigay ng institusyon sa kanyang pamilya.

Saludo ang magkapatid na Jenson at Jane Marian sa kanilang ina dahil sa kabayanihan, kasipagan, at pagmamahal nito sa kanila sa lahat ng oras.

At sa lahat ng mga butihing ina sa buong mundo, kaming lahat ay saludo sa inyo!

## SUNDIN MO ANG IYONG PUSO

ni ***Neliza Largueza***

Ang paggawa ng isang bagay na mahal mo at nakapagpapasaya sa'yo ang isa sa pinakamagandang pasya na maaari mong ibigay para sa sarili mo. Ito ang prinsipyo ni Purita C. Reyes, 62-taong gulang at isang ina mula sa Sta. Rita, Karsada, Batangas City.

Kilala si Gng. Reyes bilang kampeon sa paligsahan sa pagluluto sa kanilang bayan. "Kawili-wili ang pagluluto. Kung kaya noon pa man ay nakahiligan ko na ang magbasa ng *recipe books*, manood ng *cooking shows,* at mag-eksperimento sa pagluluto.

'Di nagtagal ay mas marami akong natutuhan tungkol dito at para sa akin ay isa itong karangalan," dagdag pa ni Reyes.

Ayon sa kaniya, lahat tayo ay isinilang ng may taglay na natatanging talento ngunit hindi lahat ay nagkakaroon ng pagkakataong pag-ibayuhin ang mga ito. "Ang paggawa sa bagay na gustong-gusto mong gawin ay hindi biro. Ito'y nangangailangan ng sapat na dedikasyon, lakas, at suporta," diin ni Reyes.

Nang makita ni Gng. Reyes na pagluluto ang nakapagpapagaan ng pakiramdam at nakapagpapasaya sa kaniya ay nagsimula siyang maghanap ng pagkakakitaan upang makaipon ng pansuporta sa kaniyang nakahiligang gawin.

"Nagsimula akong magtinda ng almusal at meryenda tulad ng kakanin sa mga bahay-bahay. Pagkatapos noon ay nakatanggap na ako ng mga order mula sa mga kaibigan at mga kakilala nila," pagbabahagi ni Gng. Reyes.

Natutuwa rin si Aling Purita nang malaman nitong siya ang madalas irekomenda upang maghatid ng serbisyo sa pamamagitan ng *catering* tuwing magdiriwang ng pista ang kanilang bayan.

Dahil sa patuloy na pagdagsa ng mga order mula sa mga kliyente ay sinimulang maghanap ni Gng. Reyes ng institusyong maaaring makapagbigay ng pondo sa kaniyang sinimulang negosyo at upang matustusan ang kaniyang nakahiligang gawin.

"Kailangan ko ring bumili ng mga karagdagang kagamitang pangkusina para sa pagluluto," aniya.

Mukhang nagkasundo ang langit at lupa na naging dahilan upang dalhin siya sa tanggapan ng CARD SME Bank. "Ipinakilala sa akin ng isang kaibigan ang tungkol sa bangko. Pagkatapos ay nag-aplay ako para makahiram ng puhunan na siyang nakatulong sa akin sa pagpapalago ng aking kakayahan sa pagluluto at ng kaalaman ko sa makabagong paraan ng pagpapatakbo sa negosyo," ayon kay Gng. Reyes na 12 taon nang aktibong miyembro ng CARD MRI. Nagsisilbing daan ito pagdating sa pagpapahiram ng puhunan sa pamamagitan ng *microfinance loans* at SME *loans*.

Para kay Gng. Reyes, ang institusyong katulad ng CARD SME Bank ang makatutulong sa kaniya para isakatuparan ang gusto at nakahiligan niyang gawin. "Gusto kong ipagpatuloy ang pagluluto

▶ 11

# Ang kahalagahan ng salapi

ni *Andrew John Fernandez*

***Bawat isa sa mundo ay nagpapagal upang matustusan ang sariling pangangailangan. Lalo na sa panahon ngayong patuloy na umuunlad ang maraming bansa, negosyo, pamilya, at bawat indibidwal. Ang lahat ng puno't dulo ng kaisipang ito ay dahil sa halaga ng pera.***

Kung babalikan natin ang kasaysayan, *barter*, o palitan ng yamang-likas ang paraan ng kalakalan ng mga sinaunang Filipino. Malayang nakapagpapalitan ang bawat isa ng ano mang uri ng kagamitan kapalit ang alin mang uri ng suplay na mayroon ang isang tao. Ngunit kasabay ng patuloy na pagtaas ng ekonomiya ay ang walang-katapusang paghahangad ng tao para sa mas mainam na kalakalan at sibilisasyon.

Kaya naman ang gamit ng pananalapi ay naipakilala sa bansa. At dahil tayo ay nasakop ng iba't ibang dayuhan ay nagkaroon din tayong iba't ibang uri ng salapi sa paglipas ng panahon.

Mula sa baryang pananalapi ng mga Kastila, umusad tayo sa paggamit ng kwartang lapad ng mga Hapon at ng ginto at pilak ng mga Amerikano. Dahil sa mga pagbabagong ito ay nagkaroon tayo ng malaking pagpapahalaga sa pananalapi noon pa man hanggang sa kasalukuyan.

Bagama't hindi na bago kung paano natin bigyang halaga ang pananalapi upang ituring itong tulad ng mamahaling ginto at pilak, binago na ng halagang taglay nito ang mundo sa aspetong pampulitika, panlipunan at pang-ekonomiya. Gaano nga ba kahalaga ang salapi?

Una, pinananatili nitong bilog ang mundo. Maaaring nabasa at narinig na natin nang paulit-ulit ang mga linyang ito pero ito'y nagsisilbing salamin ng realidad. Dahil sa halaga ng salapi'y madali mo na lamang makuha ang mga bagay na gusto mo. Ang mga pangunahing pangangailangan katulad ng tirahan, pagkain, at damit maging ang mga bagay na makapagpapagaan ng buhay ay mas madali nating nabibili dahil sa pera.

Ikalawa, inilalagay tayo ng salapi sa estado ng pamumuhay na nais nating kabilangan. Sa mundong ating ginagalawan, pera ang nagtatalaga sa tao upang siya'y ituring na mayaman, may-kaya o di kaya nama'y mahirap. Ito ang kapangyarihan ng salapi. Sa pamamagitan nito ay nalalaman mo ang kalagayan mo sa lipunan. Sa paraan ng pag-uugali ng isang tao ay nalalaman din natin ang estado nito sa pamumuhay.

Ikatlo, sa salapi umiikot ang buhay ng lahat. Sa lahat ng aspeto, sa komunidad, sa pamahalaan, sa iba't ibang uri ng samahan at tanggapan, negosyo at lahat ng pwede mong makita sa mundo. Dito nagiging pinakamahalagang instrumento at midyum ng pakikipagkapwa ang pera. Ang halaga nito'y sadyang may kakayahang makapagbuwal ng mga bundok. Napag-uugnay nito ang maliliit at malalaking bagay, may buhay man o wala.

Sa kabila ng mga nabanggit, masasabing ang pera ay hindi lamang materyal na bagay kundi nagsisilbing tulay upang abutin ang lahat ng posibleng kakulangan. Hindi man nito nabibili ang lahat tulad ng tunay na pagmamahal, kasiyahan, kasapatan, at iba pa ay maituturing pa rin itong mabisang paraan upang maging mabuting indibidwal, miyembro ng pamilya, at mamamayan ng bansa.

Hindi madali ang igugol ang sarili sa trabaho para kumita ng pera kapalit ng mga pangangailangan at personal na kagustuhan. Kailangan nating magsipag sa paggawa at maging masinop sa paggasta nito. "Hindi inaani ang pera", isang kasabihang nagsisilbing paalala na huwag nating balewalain ang halaga nito bagkus ay ituring na bahagi ng ating pagkatao.

Sipag at tiyaga ang susi sa pag-asenso upang kung tayo man ay magtagumpay ay magkaroon din tayo ng pagkakataong magbahagi, magbigay at maghasik ng pagmamahal.





## Pag-abot sa marami pang microentrepreneurs

Ang noo'y simple at maliit lamang na tindahan ni Catalina Camillet sa Kumintang Ilaya, Batangas City ay ngayo'y lumago at kilala na bilang Kit-Kit Meryenda Corner na nagbebenta ng iba't ibang putahe mula agahan hanggang hapunan.

Ang nahiram niyang kapital mula sa CARD SME Bank noong 2006 ay nakatulong upang lumakas ang kita ng kaniyang hanapbuhay. Sa P5,000 kapital na unang nahiram niya sa institusyon, ngayon ay maaari na siyang makahiram sa nasabing bangko ng hanggang P90,000.

Malaki ang pasasalamat ni Camillet sa CARD SME Bank dahil sa pagtulong sa kaniya nito na mapalago ang kaniyang sinimulang negosyo.

Ang CARD SME Bank ay isang *thrift bank* na naghahatid ng *microfinance loans* sa mga indibidwal na naglalayong magkaroon ng kalayaan mula sa kakapusan ng salapi. Ang CARD SME Bank ay mayroon ding *business loans* para sa mga SMEs para sa *investment* o *working capital*. Hanggang Hulyo 2018, ang bangko ay mayroong 686,285 *clients* na mayroong 99.27% *repayment rate* at *asset* na mahigit sa P5.6 na billion. ***Neliza Largueza***



# MGA TULA

## *Simpleng Tula Para Saiyo Ina…*

ni ***Lailanie Moral***

Wala na ngang mas hihigit pa
Sa pagmamahal mo aking Ina
Sa haplos pa lamang ng iyong mga kamay
Mawawala ang sakit at aking lumbay.

Hindi mo kami pinalaki sa marangyang bagay
Oras at kalinga ang sa amin ay iyong  inialay
Tinuruan mo kaming maging responsible
At ang wika mo, "Mga anak yan ay para sa inyong ikabubuti".


"Simpleng buhay na puno ng pagmamahal,
Iyan ang importante anak, hindi ang materyal na bagay.
Simpleng  pananamit, pagkilos at pananalita
Makikita mo anak, dadami ang kaibigan mo na sa iyo ay biyaya".

Tama ka Ina…
Mabuhay ng simple ay puno ng ligaya
Sa panahon ng pagsubok, di ako mag-iisa
Ikaw, ang ating pamilya ang aking liwanag sa tuwina.

Kayo ni Ama ang nasa likod ng aming bawat tagumpay
Tiwala at suporta ninyo ang sandatang ipinanday
Di susuko sa anumang laban
Simple lang ina, pagmamahal mo ang aking palaging tangan.

Kaya naman bilang pasasamat sa iyo aming Ina
Munting handog ko sana ika'y mapasaya
Alay ko ay isang simpleng tula
Mula sa puso ng anak mong pinagpala.

**Nais mo bang magkaroon ng libreng P10 LOAD?**
**Narito ang apat na madaling hakbang.**




**Ito ay bukas para sa lahat ng miyembo, asawa, at anak ng CARD MRI!**

## KAHIRAPAN

(***Block 1, CARD MRI Scholars, CMDI Tagum Campus***)

Kahirapan?
Kahirapan ay salot sa lipunan
Kayrami ng mga taong kurakot
Kayamanan ng lipunan ay hinuhuthut.

Mga mamamayan ay kulang ng tulong
Bahay ay puro barong- barong
Ang kain ay kulang
Mga mata ay dilat na lamang.

Kahirapan ay laganap na
Ngunit may Panginoon na nakatingin pa
Ginawang intrumento ang isang tao
Dr. Jaime Aristotle ang pangalan nito.

CARD MRI ay kaniyang isinilang
Upang kahirapan ay malampasan
Mga layunin ay isinulong
Upang agad ay makatulong.

*Microinsurance*, pinansyal na pangagailangan, at pag-iimpok
Sila doon ay nakatutok
Kahirapa'y sinugpo
Maibsan man lamang ang hapo.


Katuwang ang kababaihan
Upang kahirapan ay wakasan
Sila ay nagkapit-bisig
At naging masigasig.

Ang dating suntok sa buwan ngayon ay nangyayari
Naitatag ang bangkong miyembro ang nagmamay-ari
Tatlumpong taon nang nakalipas
Sa tanikala ng kahirapan unti-unting nakatakas.

Kahirapa'y nasolusyonan
Nagtulungan tungo sa kaunlaran
Maging maginhawa ang buhay
At maabot ang tagumpay.

Salamat sa magandang kinabukasan
Kahirapa'y kaya na naming labanan
Ating kaakibat at kaagapay
Ay ang CARD MRI.

Nais mo bang i-bida ang iyong
**REHIYON?**
Magpadala sa amin ng balita sa kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa publishing@cardmri.com



# ENTERTAINMENT

## "TYPHOON NAME" WORD SEARCH:

Hanapin sa ibaba ang mga pangalan ng mga dumaang bagyo sa Filipinas. Maaaring pahalang o pababa ang mga salita. Kuhanan ng larawan ang inyong sagot at ipadala sa Facebook account ng CARD MRI para sa P50 load.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| W | J | T | O | N | Y | O | K | L | F | P |
| E | L | S | A | D | B | J | K | B | A | Q |
| O | A | N | M | C | V | W | Q | J | L | L |
| N | N | W | S | J | L | G | N | S | C | W |
| Y | D | K | I | K | O | B | S | F | O | I |
| O | O | W | O | W | E | E | K | L | N | Q |
| K | W | Q | G | L | E | N | D | A | N | M |
| F | E | R | T | Y | U | I | O | P | K | H |
| X | C | V | B | N | A | S | D | F | G | E |
| Z | M | G | N | E | D | E | H | C | J | N |
| K | D | S | T | Y | G | H | E | O | I | T |
| H | E | N | R | Y | D | F | L | G | H | E |
| J | H | G | F | D | H | J | E | T | V | N |
| A | U | R | I | N | G | K | N | L | I | G |
| W | R | H | D | F | H | J | D | F | C | L |
| S | D | Q | J | Q | W | E | Y | R | K | L |
| C | U | P | O | M | P | O | N | G | Y | I |
| G | J | I | S | G | D | L | U | R | T | E |
| M | A | E | E | B | J | K | W | Q | L | M |
| H | Y | Q | P | W | Q | E | T | U | K | L |
| K | W | T | I | W | J | D | Y | D | S | F |
| Y | Q | G | G | M | Y | O | E | F | A | D |
| W | I | U | F | S | L | M | F | M | D | Y |
| Q | O | J | K | A | W | E | R | W | N | Q |
| A | P | Q | C | Q | W | N | T | Y | A | L |
| S | L | D | K | T | R | G | R | K | L | W |
| K | A | R | E | N | R | Y | W | M | O | W |
| I | W | W | K | E | S | G | W | U | Y | D |
| M | A | R | I | N | G | R | W | I | I | S |

AURING
KIKO
URDUJA
YOLANDA
CALOY
DOMENG
OMPONG
LANDO
CHEDENG
JOSE
GLENDA
HENRY
FALCON
MARING
ONYOK
KAREN
ENTENG
TONYO
VICKY
HELEN

## LAGING LIGTAS ANG MAYROONG ALAM!

Isa sa mga ginagawa ng CARD MRI ay ihanda ang bawat pamilyang Pilipino sa mga sakunang darating. Sa isyung ito, inihahatid ng CARD MRI Disaster Management Team ang ilan sa mga tips na dapat gawin sa oras ng bagyo.




## BotiCARD, Generika Drugstore nagtulungan sa mabilisang...

◀ 5

ay patuloy na nakikiisa sa mga institusyong may mabuting hangarin para sa tao upang maisakatuparan natin ang ating mga layunin," ani Dr. Jaime Aristotle Alip, tagapagtatag at pinuno ng CARD MRI.

**Paggamit ng teknolohiya**

Pinag-aaralan din ng samahan kung paano mapalalawig ng CARD MRI ang MEDPadala ng Generika Drugstore. Ang MEDPadala ay isang elektronikong *gift certificate* na nagsisilbing paraan sa pagbili ng mga gamot sa alinmang Generika Drugstore sa buong bansa.

"Sa pamamagitan ng MEDPadala, masisiguro nating ang perang ipinadadala sa ating mga mahal sa buhay para sa kanilang mga pangangailangang medikal ay naihahatid nang nararapat," pagbabahagi ni Francisco.

"Ang MEDPadala ay mas madali dahil ang kailangan lamang gawin ay ipadala ang PIN code na matatanggap sa pamamagitan ng e-mail pagkabili ng e-gift certificate," dagdag pa nito.

Ang MEDPadala ay maaari ding i-access ng mga Filipino na nagtatrabaho sa labas ng bansa.

Ayon naman kay Flordeliza Sarmiento, punong tagapamahala ng CARD MRI, "ang pagsisimula ng *application* ay bahagi ng patuloy na pag-unlad ng CARD MRI sa pamamagitan ng paggamit ng teknolohiya. At sisimulan nating ipakilala ito sa lahat ng ating manggagawa sa buong bansa lalo na yaong mga pamilya na hindi pa naaabot ng BotiCARD."

At dahil ang pagkakaroon ng *access* ay bukas para sa lahat, ang benepisyo nito para sa CARD MRI ay ang diskuwento na maaaring pakinabangan ng mga empleyado at kliyente nito.

Sa pamamagitan ng samahan ay nagagalak tayong iparating na lahat ng empleyado at kliyente ng CARD MRI ay may pribilehiyo na makakuha ng diskuwento sa tuwing sila ay bibili ng *e-gift certificate* o ng mga gamot mula sa lahat ng botika," sabi ni Francisco.

Maging ang mga empleyado at kliyente ng apat na institusyon ng CARD MRI kabilang na ang CARD, Inc., CARD Bank, CARD SME Bank at Rizal Bank ay maaari ding makakuha ng diskuwento sa lahat ng bibilhing gamot mula sa botika.

Ipinahayag din ng pangulo at *chief executive* ng AC Health, Paolo Borromeo ang kaniyang pagkalugod sa naging kasunduan.

"Ang ating layunin ay makapagbigay ng di matatawarang serbisyong medikal para sa lahat ng ating kliyente at ang samahang ito ay isa na sa maraming paraan para isakatauparan ito," dagdag ni Borromeo.

Ang Generika ay isa rin sa mga botika sa ilalim ng network ng AC Health.

Sa kabila ng pagtugon sa mataas na *demand* at pangangailangan na hatid ng BotiCARD ay binigyang-diin ni Borromeo na ilulunsad ng Generika Drugstore ang malawakang operasyon nito upang masabayan ang tumataas na pangangailangan sa suplay ng gamot sa bansa.

"Tiwala tayong maihahatid natin ang ating serbisyo sa takdang oras. Gagawin natin ito para sa mga taong matiyagang naghihintay na masaklolohan lalo na sa mga panahong hindi natin inaasahan," pagtatapos ni Borromeo.

## SUNDIN MO ANG IYONG...

◀ 8

dahil ito ang nagpapasaya sa akin. Higit pa rito ay natutuwa akong makita ang aking mga suki na masayang kumakain ng mga pagkaing iniluto ko," sabi pa niya.

Si Gng. Reyes ay isa lamang patunay na hindi hadlang ang kahirapan upang ipakita ang ating talento sa buong mundo. "Kailangan mo lang pakinggan ang itinitibok ng iyong puso at maaabot mo ang lahat. Maging positibo lamang sa lahat ng pagkakataon. Maaari kang magsimula nang paunti-unti."

# BULLETINS




## AVAILABLE POSITIONS:

(330) Account Officer
(3) Bookkeeper
(29) Internal Auditor
(1) Junior Writer for Mindanao
(1) Legal Assistant
(1) Loan Administrative Assistant
(1) Personnel Assistant
(6) Saving Officer
(15) Teller

Please send your application to the HR Unit at CARD MRI, 20 ML Quezon Street, City Subdivision, San Pablo City, Laguna or email us at cardhrd2018@gmail.com.

For inquiries, contact us at 0918-303-1067.







CARD MRI is a group of institutions that provides community development services including microfinance, microinsurance, capacity building and other social development services to poor women and their families. It operates nationwide.

**CARD MRI**
CARD Mutually Reinforcing Institutions

## CARD MRI GOES DIGITAL!



Patuloy na sumasabay sa pagbabago ang CARD MRI sa mabilis na pag-usad ng modernong teknolohiya. Ginagamit natin ang makabagong teknolohiya upang makapaghatid ng epektibong serbisyo sa ating mga kliyente lalo't higit sa mga komunidad na naninirahan sa pinakamalalayong lugar sa bansa. Ito ay upang matiyak na ang bawat pamilyang Filipino ay patungong pag-unlad.

